# BC PharmaCare

## Palliative Care Benefits (Plan P)

Binabayaran ng Palliative Care Benefits program ng B.C. ang buong gastos ng mga eligible na gamot, medical supplies, at equipment para sa mga táong malapit nang mamatay at nais makatanggap ng palliative care kung saan sila nakatira.

---

### Eligibility

Sakop ng programa ang B.C. residents, anuman ang edad, na malapit nang mamatay dahil sa isang nakamamatay na sakit o kondisyon, na nais makatanggap ng palliative care, at na nakatira sa tahanan, kasama ng pamilya o mga kaibigan, sa isang supportive o assisted-living residence, o sa isang hospice unit ng isang care facility na **hindi rehistrado** sa PharmaCare Plan B (Long-term Care) (tanungin ang pasilidad kung rehistrado sila sa PharmaCare Plan B).

Ang mga táong sakop ng Non-Insured Health Benefits ng Health Canada o ng Veterans Affairs Canada ay makakakuha ng coverage mula sa Plan P para sa mga gamot na hindi sakop ng mga programang iyon. Ang mga miyembro ng Canadian Forces ay hindi eligible dahil sakop sila sa pamamagitan ng kanilang employer.

### Ano ang sakop

1. Eligible palliative care drugs—mga de-reseta at hindi de-resetang gamot na ginagamit sa palliative care
2. Items tulad ng IV, wound-care at incontinence supplies, bathing aids, mobility aids, at hospital beds. Aasesuhin ng isang Home and Community Care team ang iyong mga pangangailangan.

### Paano makakuha ng palliative care benefits

Tanungin ang iyong doktor o nurse practitioner kung ikaw ay eligible. Kung ikaw ay eligible, maaari silang mag-submit ng registration form. Sa loob ng 24 oras pagkatapos i-submit ang form:

- Makakakuha ka ng palliative drugs nang libre sa anumang botika sa B.C. Maaaring magpunta ang isang caregiver para sa iyo
- Kokontakin ka ng Home and Community Care team mula sa iyong local health authority para makagawa sila ng in-home assessment nang malaman kung mayroong anumang equipment na kinakailangan.

### Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm

- Mula sa Lower Mainland: 604 683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1 800 663-7100

Para sa impormasyon tungkol sa medical supplies at equipment, kontakin ang Home and Community Care office ng iyong health authority o kaya'y tumawag sa 811.

### Online resources

Listahan ng palliative care drugs: www.gov.bc.ca/pharmacare/planp

Registration form para sa palliative care: www.gov.bc.ca/assets/gov/health/forms/349fil.pdf

Health authorities sa BC: www.gov.bc.ca/healthauthorities